

Madre, Feminista, at Aktibista:
Pakikipanayam Tungkol sa Pilosopiya at Praxis ni Sr.
Mary John Mananzan, OSB /

*Nun, Feminist, and Activist: An Interview on the
Philosophy and Praxis
of Sr. Mary John Mananzan, OSB*

Leslie Anne L. Liwanag
Visayas State University, Leyte, Pilipinas
leslie_liwanag@dlsu.edu.ph

Carlo Angelino M. Romero
St. Scholastica's College Manila, Pilipinas
carlo_romero@dlsu.edu.ph

Kilala si Mananzan bilang isa sa mga pangunahing pilosopong Pilipino. Sa pagpanaw ni Emerita Quito noong 2017, tiyak na si Mananzan na ngayon ang pinakabatikang pilosopong Pilipinang nabubuhay. May ilan nang pakikipanayam kay Mananzan ang nailathala na. Ngunit ang mga ito ay nakatuon lamang sa kaniyang pagiging feminista at/o aktibistang madre. Wala pang pakikipanayam ang nailathala tungkol sa kaniyang pagiging pilosopong Pilipina. Para mapunan ang puwang na ito, binalikan ng pangunahing may-akda ang kaniyang mga naisulat at nailathala tungkol kay Mananzan bilang pilosopong Pilipina para madisenyo ang pakikipanayam na ito na nakatuon tungkol sa pilosopiya at praxis ng nasabing pantas. Sa tulong ng pangalawang may-akda, na isang guro sa kolehiyong kinaroroonan ni Mananzan, nabuo nila ang pinal na disenyo at daloy ng proyekto at naisagawa ang pakikipanayam na ito noong ika-12 ng Oktubre at ika-22 ng Nobyembre ng taong 2017.

Mga Susing Salita: Mary John Mananzan, Simbahang Katoliko Romano, Orden ni San Benito, Pilosopiyang Kritikal, Feminismo, Pilosopiyang Pilipino

Sr. Mananzan is known as one of the leading Filipino philosophers. With the demise of Emerita Quito last 2017, it became certain that Mananzan is now the most important living Filipina philosopher. A number of interviews with Mananzan had already been published. However, these interviews focused only either on her being a feminist and/or her being an activist nun. There is no published interview yet on her being a Filipina philosopher. To fill this gap, the primary author of this paper returned to her own writings and publications on Mananzan in order to be able to design this interview that focuses on the philosophy and praxis of the said thinker. In collaboration with the second author of this paper, who is currently teaching in the institution where Mananzan still works, they were able to craft the structure of this project and conduct a personal interview with Sr. Mananzan on 12 October and 22 November 2017.

Keywords: *Mary John Mananzan, Roman Catholic Church, Order of St. Benedict, Critical Philosophy, Feminism, Filipino Philosophy*

Introduksiyon

Kilala si Mananzan bilang isa sa mga pangunahing pilosopong Pilipino. Sa sanaysay na “Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy” ni F.P.A. Demeterio, itinuring siyang isa sa 26 na pinakamahahalagang pilosopong Pilipino (Demeterio 193); sa sanaysay na “Three Filipino Feminist Thinkers from the First Wave to the So-Called ‘Third Wave’” ni Noelle Leslie dela Cruz, tinukoy naman siyang isa sa tatlong pinakamahahalagang feministang Pilipina (dela Cruz 10); habang sa sanaysay na “Pagtatala ng Sampung Pinakabatikang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino” nina Demeterio, et al., kinilala si Mananzan bilang pang-13 pinakamahahalagang pilosopong Pilipino (Demeterio et al in press). Sa pagpanaw ni Emerita Quito noong 2017, naging tiyak na si Mananzan na ngayon ang pinakabatikang pilosopong Pilipinang nabubuhay.

May ilang pakikipanayam kay Mananzan ang nagawa o nailathala na. Sa di-gradwadong tesis ni Paolo Liwag na “A Biography of Sr. Mary John Mananzan, OSB: A Look into a Socio-Political Activist’s Radicalization (1937–2002)” noong 2008, pinagtuunan ang pundasyon ni Mananzan bilang madre at ang mga kaugnayang relihiyoso at politikal na organisasyon ng nasabing pantas. Sa pakikipanayam ng *Rappler* kay Mananzan sa “Breaking Glass:

Feminist, Activist Nun” noong 2012, mas malalimang siniyasat ang karanasan ni Mananzan sa mga politikal na mobilisasyon. Sa video ng *Rappler* na “#EDSA30: Sr. Mary John Mananzan reacts to youth’s views on People Power” noong 2016, natunghayan ang pagbasa at pagtugon ni Mananzan sa mga tweet at Facebook post ng kabataan ukol sa rebolusyon sa EDSA. Sa pakikipanayam sa telebisyon ng programang *Unang Hirit* nitong 2017, tinalakay ni Mananzan ang mga detalye sa protesta kaugnay ng ika-45 anibersaryo ng batas militar at pagkadismaya sa malawakang patayan sa bansa. Kapansin-pansing nakapokus lamang ang mga naging pakikipanayam sa pagiging feminista at/o aktibistang madre. Sa madaling sabi, wala pang pakikipanayam ang nailathala tungkol sa kaniyang pagiging pilosopong Pilipina.

Para mapunan ang puwang na ito, binalikan ng pangunahing may-akda ang kaniyang mga naisulat at nailathala tungkol kay Mananzan bilang pilosopong Pilipina para madisenyo ang pakikipanayam na ito na nakatuon tungkol sa pilosopiya at praxis ng nasabing pantas. Nakapagsulat siya ng tesis masteradong “Pilosopiyang Pilipina: Bulungan ng mga kaisipan nina Quito at Mananzan” noong 2015, na tinalakay ang pagkakapareho at pagkakaiba ng pilosopiya at pamimilosopiya ng dalawang Pilipinang pantas. Parehong taon nang inilathala rin ng pangunahing may-akda ang artikulong “Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB,” na pinagtuunan ang teoretikal

at praksiyolohikal na pundasyon, replektibong kaisipan at diskurso sa pilosopiyang Filipino, metodo sa pamimilosopiya, praksiyolohiya, at pananaw sa lipunang Pilipino ni Mananzan. Sa kolaboratibong pag-aaral ng pangunahing mananaliksik kasama si Demeterio sa artikulong “The Philosophy of Sr. Mary John Mananzan: Some Contributions to Filipino Philosophy” nito lamang 2017, siniyasat ang kaisipan at kontribusyon sa pilosopiyang Filipino ni Mananzan, partikular ang kritisismo sa patriyarkal na relihiyon, politikal na ekonomiya ng Pilipinas, pang-araw-araw na patriyarkal na kultura, kolonisasyon, at paggunita sa sariling politikal na praksis. Sa kolaboratibong pag-aaral kasama ulit si Demeterio na “Emerita Quito, Mary John Mananzan and Filipina Philosophy: A Critical Comparison of the Thoughts of the Two Leading Female Philosophers of the Philippines,” pinaghambing ang dalawang Pilipinang pantas ayon sa kani-kanilang teoretikal at praksiyolohikal na pundasyon, replektibong kaisipan at diskurso sa pilosopiyang Filipino, metodo sa pamimilosopiya, praksiyolohiya, at pananaw sa lipunang Pilipino. Gamit ang malalim at malawak nang kaalaman tungkol sa pilosopiya ni Mananzan ng pangunahing may-akda, at sa tulong ng pangalawang may-akda, na isang guro sa kolehiyong kinaroroonan ng babaeng pantas, nabuo nila ang pinal na disenyo at daloy ng proyekto at naisagawa ang pakikipanayam na ito noong ika-12 ng Oktubre at ika-22 ng Nobyembre ng taong 2017.

Intelektuwal na Talambuhay ni Mananzan

Ipinanganak noong ikaanim ng Nobyembre 1937 sa Dagupan, Pangasinan si Guillermina Mananzan. Hukom ng munisipyo ang ama, habang guro sa hayskul ang inang iginiit ang pag-aaral ng hayskul sa St. Scholastica’s College (SSC) Manila. Malaki ang impluwensiya ng karismatikong gurong si Bb. Coney Lopez-Reyes upang mahilig sa pagbabasa ng mga aklat at mawili sa mga talakayang klasiko, modernong intelektuwal, at espirituwal na tradisyon. Nakamit ang Batsilyer ng Agham sa Edukasyon, medyor sa Kasaysayan, magna cum laude, at sumapi sa Orden ni San Benito na ordeng nangangasiwa sa SSC. Binago ang orihinal na pangalan at ibinigay ang “Mary John” bilang kaniyang relihiyosong pangalan. Umalis ng bansa si Mananzan upang lalo pang magpakadalubhasa

at nakuha ang diploma sa misyolohiya mula sa University of Münster, Alemanya, dito nahumaling sa kaisipan ng Alemang teolohistang si Karl Rahner (1904–1984) na nagdulot ng direksiyon sa Ikalawang Konsilyong Vatikano (Vatican Council II). Sa Pontifical Gregorian University, Roma natamo ang doktoral na digri sa pilosopiya at kauna-unahang babaeng nagtapos ng summa cum laude dulot ng disertasyong pinamagatang “The Language Game of Confessing One’s Belief: A Wittgensteinian-Austinian Approach to the Linguistic Analysis of Credal Statements.”

Noong panahon ng batas militar taong 1973, bumalik si Mananzan sa bansa dala ang kadalubhasaan sa lingguwistikang pilosopiya nina Ludwig Wittgenstein (1889–1951) at John Langshaw Austin (1911–1960). Habang tinahak ang tahimik na buhay bilang propesor ng pilosopiya sa Pamantasang Ateneo de Manila, sanhi ng mga kritisismo ng ilang kilusan ang pakikiisa laban sa pagmamalabis sa mga manggagawa ng La Tondeña Distillery at naging tagapagtaguyod ng teolohiya ng liberasyon na isinulong ni Carlos Abesamis (1934–2008). Unang pinagtuunan ni Mananzan ang mga biktima ng opresyon, ngunit kalaunang sumentro sa kababaihan ang politikal na pakikisangkot. Kaya itinaguyod ng pantas ang mga organisasyong may oryentasyong feminista gaya ng Filipina at General Assembly Binding Women for Reforms, Integrity, Equality, Leadership, and Action (GABRIELA) noong 1984; ang Institute of Women’s Studies sa SSC noong 1988; ang Women’s Crisis Center noong 1989; Lifelong Learning and Wellness Center sa SSC noong 1997; at ang Consortium of Women’s Colleges noong 2001. Kasalukuyang namamayagpag pa rin ang kritikal na 80 taong gulang na pantas at nagsisilbi bilang Vice Preseident for External Affairs ng SSC.

Transkrip ng Pakikipanayam

Pagkatapos ng pagbalangkas ng takbo ng pakikipanayam at talaan ng mahahalagang tanong mula Setyembre hanggang Oktubre 2017, isinagawa nina Liwanag at Romero ang isang aktuwal na pakikipanayam sa tanggapan ni Mananzan bilang Vice President for External Affairs sa St. Scholastica’s College-Manila noong ika-12 ng Oktubre at ika-22 ng Nobyembre, 2017.

Mula Teolohiya Patungong Praksiyolohiya: Isang Kritikal na Pamimilosopiya

Liwanag: Ano po ang inyong reaksiyon sa pagturing sa inyo bilang isa sa mga pangunahing pilosopong Pilipino ng ilang manunulat?

Sr. Mananzan: First of all, I do not call myself a philosopher. There is this German word *anmassend* that came to my mind. I do not know the exact English translation for this, but this is like claiming too much for yourself. At most I would say, I have been a student of philosophy. Unless you are in the category of Kant and Heidegger and all these people who really did... you know, breakthrough studies. Maybe they are the ones whom we can call philosophers. But I am sure even they would not call themselves philosophers. It is only at the hindsight that people, looking at all their works... I do not know if there is anybody who would call himself or herself a philosopher. What is my reaction? I am amused.

Romero: Paano po nahubog ang iyong pilosopiyang napakapolitikal at babad na babad sa praxis?

Mananzan: I was first in the movement before I got to write anything. Although before, we were writing a lot of theology because I went abroad for six years. And when I came back, I taught at the Ateneo De Manila University. I taught contemporary philosophy. That was the only philosophy subject I taught. And then, we joined a group called Interfaith Theological Circle... Ngayon, we were criticized by the movement, "that is intellectual masturbation!" And then, I realized, totoo naman ang sinasabi nila. Puro kami, magkakaroon kami ng paper and we will discuss these in the group and critique them. Pero wala naman kami sa baba. So, we stopped it. So, I had my baptism of fire. You know, the La Tondeña strike. And the first essay I wrote there is about the anguish of awareness. But I do not know where it is now. That is kind of philosophical, I think.

Romero: Bakit po nababanggit ninyo palagi ang pagsali ninyo sa La Tondeña Distillery strike bilang baptism of fire?

Mananzan: When you come to think about it after you got involved in the whole thing, then all your categories become questionable. But, especially because I am a nun, and there were so many things that are forbidden. Like for example, you are not supposed to work with a communist. You are not supposed to be involved in politics. Ang daming "not supposed to." And things are so absolute. But, the movement actually opened my mind to things na sabi ko, "If I am going to work with the poor, after that La Tondeña Strike, I realized that you can actually cannot leave them like that. You can help them on and on. So, hindi lang sa strike. Hindi lang sa beginning." So you got involved in that whole thing and all of the sudden you are there committed to their plight. I wrote my first paper about that event. It was a philosophical reflection on the anguish of awareness.

Liwanag: Ibig po ninyong sabihin mula teolohiya, napunta kayo sa praktisyolohiya, at saka pa kayo nag-umpisang maging tagapagtaguyod ng kritikal na pilosopiya?

Mananzan: Maybe that is true, what you are saying. I may not be consciously writing philosophically. But syempre, if you had spent six years of your life in philosophical discourse, and you are reflecting on certain issues, then you will actually be using the method that you learned throughout those six years. Akin pa naman is linguistic analysis. So I began, even unconsciously. I see the surface grammar and the depth grammar, and all of that... When I see people arguing, because they are using surface grammar they seem to be talking two different purposes just because they are not using the same categories. So that insight itself is philosophical, I suppose. That kind of language, but I was not really conscious. But maybe I was using philosophical terms unconsciously, very naturally, without thinking that I am doing any philosophy.

Romero: Ano po ang buod ng unang pilosopikal ninyong sanaysay na nabanggit ninyo kanina?

Mananzan: So, in that paper on anguish of awareness, what I said there was something like, “when you have gone through this whole thing, and you are aware that you seem not to be able to do something, such awareness is anguish.” Hindi ba sinabi na “if ignorance is bliss, it is folly to be wise...” e kasi kung wala kang alam, wala kang problema. E kaya lang nakita mo na oppressed ang mga manggagawa at magsasaka, tapos nakikita mo ang whole machinery of the state... Noong naging aware ka na, tapos wala ka naman palang alam to help them, or to make difference, even if you are helping them, you do not see any real, radical, or fundamental change, then it causes anguish.

Liwanag: May impluwensiya po ba ang Marxismo sa inyong pilosopiya at praksis?

Mananzan: Definitely. What did I use to analyze society? It was Marxist analysis. Gramsci pa nga. Iyon ang ginagamit namin noon to show that the ruling class also dominates the economic, the political, and the cultural. When we were actually teaching Marxism, without using the word “Marxism,” without using the word “Socialism.” In fact, nagalit sa amin ang Communist Party of the Philippines (CPP) because when we were using Gramsci, we were using it to show the connivance of the ones who are controlling the economic and the political. Ang nangyari kasi, ang kanilang mga comrade o kadre nila, they learned from us this Gramsci.

Liwanag: Tinuruan po ninyo ang mga Marxista, Leninista, at Maoista ng pilosopiya ni Antonio Gramsci?

Mananzan: They learned from us Gramsci, but they are using it in the wrong way. Ginamit nilang pang-class analysis. E s’yempre, kapag ginamit mo for class analysis, hindi uubra, kasi kung sabihin mong farmer, there are many kinds of farmer. Mayroong may-ari ng lupa o tenant, so hindi mo magagamit ang Gramsci. Kasi the only reason or purpose of Gramsci, that is to show the ruling power controls every other aspect. But if

you say okay, these are the ruling powers and these are the oppressed, it is like you are using a knife like a pen. Of course you can write also with a knife, but it will not be as good as a pen.

Liwanag: Ano po ang sinabi sa inyo ng CPP?

Mananzan: Noong nakita nila na ginagamit ng mga kadre yung itinuturo namin sa kanila... Kasi we used to go all over the Philippines to give structural analysis na natutuhan namin in-depth sa France na which is really propagating socialist ideas without using the words. Actually, the party at first welcomed it. But noong nakita nila, na mali na iyong ginamit nila... Sabi ko huwag ninyo kaming sisihin. Sisihin ninyo ang mga kadre ninyo na ginamit ang knife as a pen. That is not how we taught it to them.

Liwanag: Ano po ang naging impluwensiya sa inyo ni Karl Marx?

Mananzan: Up to now I find it the best analysis of society, showing what are the contradictions of society. Napakasimple ng itinuturo namin noon. We tell the people, “Okay, ano-ano nga ba ang mga economic and political na facts that you know?” “Paano ninyo ide-describe ang economic and political situation?” Tapos makikita mo, by themselves... Like sa Bataan, nagturo ako doon at nagbigay ng analysis. Tinanong ko sila, “ibigay ninyo sa akin, ano ba ang mga pang-ekonomikong kaayusan dito?” “Sino ba ang mayor?” “Sino ba ang pinakamayaman dito?” “Hindi ba ninyo nakikita?” Sila na rin ang nagsasabi na “iyon palang panginoong may-lupa, siya rin ang nasa politika, at kontrolado niya pati ang edukasyon.” So nakita nila by themselves, without us telling them, that the ruling class controls the economic, the political, and cultural.

Romero: May nabanggit kayo sa ilan ninyong sanaysay na may nakilala po kayong mahusay na Marxistang mag-aaral doon sa Europa. Ito po ba ang nagpakilala kay Marx sa inyo?

Mananzan: Siya ang nagpakilala kay Marx? Oo. Actually, tinuruan niya ako not about Marx, but more about Immanuel Kant. Ipinabasa niya sa

akin yung *Critique of Pure Reason*. Sa discussion namin, of course, pumasok ang Marxism because we are taking it in class.

Pagsasantabi ng Lingguwistikong Pamimilosopiya at Pagtugon sa Lipunan sa Panahon ng Diktadurya

Romero: Bakit po ninyo isinantabi ang lingguwistikong pamimilosopiyang dala ninyo mula sa Europa?

Mananzan: Dadalawa lang kaming linguistic philosophy professor dito: si Armando Bonifacio ng University of the Philippines at ako. Wala kaming estudyante.

Romero: Bakit po ninyo piniling magsulat ng disertasyong “Language Game of Confessing One’s Belief: Wittgensteinian-Austinian Approach to the Linguistic Analysis of Creedal Statements”?

Mananzan: Kasi at that time, ang mga tinatawag nilang philosophers, they were talking about the meaning of language. Ang sabi nila, ang religious language daw, walang meaning, kasi wala namang referent... They would say, something is meaningful if you can verify or falsify it. But you cannot verify or falsify God, which is true, hindi ba? Kaya sabi ko, “How can I prove that religious language is still a meaningful language?” When I was trying to do that, I came across this Wittgenstein na napakahirap. Ang nakuha ko sa kaniya, iyong concept niya of language game. Ibig sabihin, ang lahat-lahat ng disiplina, it has its own language game and it has its own rules. Therefore, the rules of one language game cannot dictate on another language game. But what is happening is that the scientific language game is imposing its rules on the religious language.

Romero: Ano naman po ang hinango ninyo mula sa pilosopiya ni John Austin?

Mananzan: Meron siyang tinatawag na performative language. Ang ibig niyang sabihin, not all language has the same function. May mga narrative at may tinatawag siyang performative.

Sa performative, when you say something you are doing something. Example niya, when I name a particular ship, I will say this ship is named Sta. Isabel. My utterance gave the name of that particular ship. So pinagsama ko ang language game ni Wittgenstein at ang performative language ni Austin para suriin ang meaning ng religious language.

Romero: Bakit po ninyo isinantabi ang ganoong uri ng pamimilosopiya?

Mananzan: Una, wala akong estudyante. Pangalawa, I got involved in this movement na parang hindi masyadong naging importante ang linguistic analysis. Pinapatay na nga ang mga worker, tapos magli-linguistic analysis pa ako? It was put on the shelf. Pero alam mo, nakakatawa, minsan I was in Europe, may isang student in Philosophy na nagdo-doctorate na nagsabi sa akin “Sister, I am using your book.” “Which book?” “Your theory on linguistic analysis.” “A, you are using it? I am glad that somebody is even reading it.”

Liwanag: Kung babalikan po natin ang panahon noong doktoradong mag-aaral pa lamang kayo sa Europa, pipiliin pa rin ba ninyong magpakadalubhasa sa ganoong uri ng pamimilosopiya?

Mananzan: Kasi sa akin... I do not run after anything. Even sa advocacy. When I see there is a need, I do it. Hindi ako maghahanap kung ano ba ang gusto ko... If there is a need that presents itself to me, then I say to myself, Then, I do it. Hindi ako namimili. Whatever comes into my attention, kung nakikita kong worthwhile, I do it. Siguro depende kung ano ang kailangan noong panahon na iyon. Noong panahon ko, iyon kasi ang need... to argue that religious language is meaningful... So, at that time, I found that very interesting.

Romero: Martial law po ang nagtulak sa inyo papunta sa kasalukuyang hugis ng inyong pamimilosopiya. Sa palagay po ba ninyo ay may saysay pa ring pag-usapan ngayon ang malagim na yugtong ito?

Mananzan: Lalo na ngayon. Kasi meron na naman tayong impending martial law. Actually may talk nga ako sa mga doktor... kasi they want to know about the movement against tyranny. So what I have to show them are the actuations of this government that hint that it is really narrowing our democratic spaces and that it has the tendency to instate a one-man rule... No time in our history since the time of martial law that we have to pay attention to this issue as now because I heard it from the trusted official... that the government wants to make fundamental changes. Now that part is okay... but the system does not allow it to. Which is again correct. So what the government needs to do is to have a revolutionary government so it can change things. But we can only have a revolutionary government only if we have a revolution or we have martial law. But we do not have any revolution. So the only thing is martial law, di ba?

Romero: Napatawad na po ba ninyo ang diktador na pasimuno ng martial law na iyon?

Mananzan: You know, I forgive anybody but it does not mean we set aside justice. Patay na siya, e. He is already in the hands of God. Bakit naman hindi ko pa papatawarin? Ang Diyos nga nagpatawad sa kaniya, ako pa ang hindi magpapatawad? But it does not mean, we are not going to demand justice from the family. Isauli nila ang lahat ng kayamanang kinuha nila, at saka hindi siya dapat ilibing sa Libingan ng mga Bayani. Because it is not true, that he is a bayani... Pagpapatawad means "okay, you have done wrong and I am not going to have any evil wish against you... may you rest in God... I have no hatred for you, but you still have to make good, all your family must have to make good about the wrong that you did and I am not going to mince words about the wrong thing that you did... na pinatay mo ito, na inaresto mo ito, yung mga alipores mo ni-rape itong mga ito." Forgiving does not mean erasing the guilt. Do I forgive him? Yes, I do. But erase his guilt? Definitely not. That is what linguistic analysis does to you.

Theology of Struggle bilang Proseso, Theology of Liberation bilang Tunguhin

Romero: Paano po naiiba ang inyong teolohiyang liberasyon sa teolohiyang liberasyon ng mga lalaking Pilipinong teolohista?

Mananzan: Actually, they are similar in purpose. In fact, we do not call ourselves, theologians of liberation, but theologians of struggle, because what is important is the process and not just the end goal. Theology of liberation is the end goal, pero dito ang in-emphasize namin is the struggle. Lahat naman ng theology of liberation is third world perspective, there is no theology of liberation that is not third world. It is just a matter of emphasis. Kasi minsan, there is a value in the process. The male liberation theologians at first did not use feminist analysis until we taught them to use it.

Liwanag: Ano po ang inyong masasabi sa mga pilosopong Pilipino na hindi lumusob sa usaping politika at walang pakialam sa praxis?

Mananzan: Let us not talk about the pilosopong Pilipino. Anybody, let us say feminist theologian. Noong nagtayo kami ng Ecumenical Association of Third World Theologians, we have the Women's Commission... We never consider anyone a feminist theologian if she is not involved in the struggle. Pag siya ay nandiyan lamang sa eskuwelahan, gumagawa ng mga thesis at sanaysay at ang mga ito ay nandiyan lamang sa library... You can translate that into your pilosopong Pilipino siguro. Kasi ang tingin namin, "o ikaw, theologian ka, feminist ka, nakikita mo iyong mga paglalaban ng mga nire-rape... are you what, a bystander?" Is that your theology? No. You are writing about their theology. But kung kasama ka nila d'yan, then you can write about the whole struggle na kasama ka, hindi ka lang bystander.

Romero: May masasabi po ba kayo sa kasalukuyang katayuan ng pamimilosopiyang Pilipino?

Mananzan: Kung sa katulad kong sinasabi ninyong critical philosopher, e kakaunti naman ang sumusulat e... Few people writing about their experience. It is sayang. Napaka-rich sana ng reflection of what is happening. Sana magsulat sila. Kaya alam mo, sinisisi ko iyong aming henerasyon na hindi kami sumulat ng mga textbook about martial law at hindi ginawang obligatory na pag-aralan ng kabataan. Kaya ngayon, nagkakaroon ng mga historical revisionism ang mga bata kasi wala naman silang alam. Kapag sinabi sa kanila ng mga pro-Marcos na ganito noong araw, mas maganda noong araw, hindi nila masasala ang tama at mali dahil wala silang napag-aralan tungkol dito.

Liwanag: Sapat po ba ang kritikal na pilosopiya kahit wala itong dimensiyon ng praxis?

Mananzan: You cannot talk about something you are not experiencing. I don't believe in just being a bystander and talking about other people's experiences, or parang nandoon sila sa laboratoryo at pinag-aaralan mo sila na parang insekto. Sa akin, you can talk about something you are involved in, you have no right to talk about something you are not involved in.

Romero: Kung pangangalanan po ninyo ang limang pilosopo, dayuhan man o Pilipino, na may pinakamalaking impluwensiya sa inyo, sino-sino po ang mga ito?

Mananzan: Wittgenstein?

Liwanag: Carlos Abesamis, his philosophy of liberation?

Mananzan: Para sa akin hindi siya philosopher e. Pareho ko lang siyang theologian. He is more of a theologian, kasi Biblical siya e. More Biblical than even theological. Ginagamit namin noon ang kaniyang Biblical schema of "there shall be no poor among you..." In fact, doon sa aming... meron kaming module, uumpisahan namin ng "ano ang nangyayari ngayon?" Structural analysis of society. Tapos isusunod namin iyong Biblical analysis ni Abesamis to show that prophecy right from the Old Testament is really what... ano ba

ang ibig sabihin ng prophet? Stand out, speak out. Jesus as a prophet. Iyong ganoon.

Liwanag: May naiambag rin po ba si Karl Rahner sa paghubog sa inyong kasalukuyang pamimilosopiya?

Mananzan: Ang impluwensiya sa akin ni Karl Rahner is more on theology. At saka even the way of, like for example, sabi ko sa kaniya, "I am going to be a delegate of the general chapter..." kasi I have five letters from him e. Ang sabi niya sa akin, "you do well in the chapter and don't run after all rabbits because stupidity and wisdom are equally divided among everybody." Ibig sabihin, kung meron mang grupo-grupo sa chapter, I should not follow everyone... I just have to think on my own. Stupidity and wisdom is equally divided among all groups. So you cannot say one group is totally correct and the other is group is totally wrong. Just think about what you think. Tinanong ko sa kaniya, papaano 'yan dito sa amin, "there is armed struggle. What can you say about that?" Sabi niya sa akin, "when there is no other way in attaining justice, that a revolution is not only allowed but a must. It is more action rather than philosophical. He said something like, "If I were pope, I will ordain you priest." It is not so much in philosophizing, but in deciding concrete actions I should do. In certain moments of my life like going to the general chapter, being an activist.

Liwanag: Paano po nakatulong sa inyong pamimilosopiya ang kaisipan ng teolohistang si Elizabeth Schussler Fiorenza?

Mananzan: With Elizabeth, it's much more iyong pagiging feminista, iyong feminist analysis. Kasi iyon ang kine-credit natin sa mga Western. Kasi kung sinasabi nila na "we are just copying..." sabi ko, we are not copying kasi we have our legacy of our equality. Kasi ang babaylan noon, we are equal before the Spaniards came. Ngayon, we have to acknowledge what we have learned from the Westerners which includes Fiorenza and in her case, using feminist analysis in one's theologizing. We are seeing things in the perspective of women.

Romero: Ito rin po ba ang bahagi na may nabanggit kayo tungkol sa kaisipan ni Fiorenza at sa kung paano tratuhin ni Hesus ang kababaihan?

Mananzan: Jesus of Nazareth himself is a critique of the Jewish patriarchal tradition. The way that Jesus treated women is different from the Jewish. The thing is ang sinasabi ni Fiorenza after Jesus died, the disciples and the early church really did not learn from Christ. And they have to conform themselves to the patriarchal Roman empire. There is what she calls the repatriarchalization of Christianity. If you look at the Jesus movement as it was called before, it was really a critique of the whole Jewish society which is patriarchal. And that is why he would talk to a woman kahit na forbidden to talk to a woman in public. He would allow Mary Magdalene to wash his feet. He talked to the Samaritan woman, and those are all forbidden to the patriarchal Jewish society. But after the death of Christ, bakit naging ganoon ulit? Kasi nga, they had to conform to the Roman patriarchy and they did not really learn from Christ, not in that sense.

Liwanag: Hindi po ba kayo lumihis sa pilosopiya ng buhay na Panalangin at Paggawa (*Ora et Labora*) na inilatag ni San Benito?

Mananzan: Naku, it is the fulfillment! Alam mo ba ang ibig sabihin ng *ora et labora*? Prayer and work. And I make it deeper: mystic and prophet. And it is not a mystic here and a prophet there, but a mystic is a prophet in contemplation, and a prophet is a mystic in action. It is the greatest fulfillment. I feel that I am living my life in the greatest fulfillment of *ora et labora* because that is what I do, I pray and work. Pero of course, ginawa ng aming mga estudyante na *Ora et Labora* noong nakaraang rally.

Romero: May kaugnayan po ba ang teolohiyang liberasyon sa feminismo?

Mananzan: Well, because feminism is a theology of liberation from the point of view of women. So may kaugnayan. Feminism itself is a theology of liberation only that it is from the perspective

of women. Men can be a feminist because my definition of feminism is this, number one, are you aware that there is such thing as oppression, exploitation, and subordination of women? Alangan namang kung lalaki hindi mo makikita iyon. Number two, if you are aware of that and you are willing to commit yourself to change the situation. Kapag ang answer mo sa number one at number two ay yes, you are a feminist. Whether you are a woman or a man or lesbian, gay, bisexual, and transgender (LGBT), I do not care. Basta nakikita mo ang problema at mayroon kang gagawin sa problemang iyon ng kababaihan.

“False Contradictions:” Si Mananzan bilang Katolikong Madre, Pilipinong Feminista, at Politikang Aktibista

Liwanag: Paano po naiiba ang feminismon Pilipino sa mga feminismo ng ibang bansang alam ninyo?

Mananzan: Actually, sa principle, walang pagkakaiba. Iyong pagde-define ng woman question doon ang may pagkakaiba. For example, there is what you call radical feminism. Sa radikalismo ng feminismo nila, they have to be lesbians. Parang logical sa kanila ang to be lesbians. Iyon ang pagkakaiba. Sa atin hindi... Tayo nga nang magtayo tayo ng movement, we saw to it that we will not have even the aura of being anti-men because it is not correct naman talaga. Men are not the enemies. The enemies are the patriarchal values in the patriarchal structure. Another pagkakaiba natin is that before the Spanish came we were already equal. So we are actually going back to our original equality. So, we are not just copying the West. But what we owe to Western feminists is their feminist analysis. The whole notion of patriarchy, the whole notion of dynamics of oppression. We have to acknowledge it that we owe them those.

Romero: May mga wave ang feminismo na kadalasang maririnig natin sa mga akademikong pagtatalakay sa kasaysayan nito. Nasa aling wave po ba ang feminismo sa Pilipinas?

Mananzan: Alam mo kasi, hindi ako academic feminist e. So, I do not pay attention to mga waves-waves. Well, I mean theoretically speaking, I would say, we are postmodernist ganyan-ganyan. But sa akin ano iyon e, parang, I don't know, parang trendy... Basta nakikita ko, is it still going on? Yeah. Are there are still oppression of women? Yes. Are there still women who are still fighting it? Yes. That is where I am and do not care which wave it is.

Romero: Ano po ang inyong masasabi gayong kakaunti lamang kayong mga babaeng pilosopong Pilipino?

Mananzan: Kaunti na lang ba kami? Ayon nga, di nga sila nagsusulat e. Sabi ko nga, dapat sana magsulat sila. Alam mo, ang mga nagsusulat na mga Pilipino, nasa abroad... Kailangan pa talagang magsulat... Siguro sabi ng mga Pilipina, "Naku, sobra-sobra na itong trabaho namin, pagsusulatin pa kami." Hindi ba? We are so much in the struggle that we have no time to write. So, totoo nga naman din iyon.

Liwanag: Ano po ang mga pinakamalalim na kontradiksiyong naranasan ninyo sa pagiging isang Katolikong madre at feminista?

Mananzan: Ay ito na nga. E wala nga akong nakikita e. Wala akong nakikitang kontradiksiyon. Lahat ng sinasabing kontradiksiyon are false. So walang malalim, walang mababaw kasi wala. Hindi ba?

Romero: Ano po ang ibig ninyong sabihin?

Mananzan: E kasi kung mayroong kontradiksiyon, I should not exist. Hindi ba? The fact that a person who is an activist and a nun exists, binuwag mo na yung kontradiksiyon na yun. Kasi kung tunay yung kontradiksiyon na yun, it should not happen. I should blow up in pieces, hindi ba? Parang ano, parang granada... The fact that I exist and I embody these two shows that iyong contradiction na sinasabi is not true. It is an artificial contradiction.

Romero: Ano po iyong sinabi ninyong false contradictions?

Mananzan: People see a lot of contradictions when there is none. And if you remember your philosophy, "I think I cannot be" and "not be at the same time" and "on the same aspect." Iyon ang definition ng contradiction. But then if you realize for example, I am a nun but at the same time a chairperson of GABRIELA, people consider that a contradiction. Doon naman sa movement, kitang-kita naman na ako ay active na active. E bakit pa ako madre? Bakit hindi na lang ako lumabas? Then, they are telling you that you are a contradiction. I tell them, "that it is an artificial contradiction. If I am Mary John and I am an activist, and I am a nun, if two concepts become a reality in me, then how can it be contradictory?" Kasi if it is contradictory, they cannot exist at the same time. But the fact that I exist, and if there is this supposed dichotomy between me being a nun and an activist, then it shows that that dichotomy is a false contradiction.

Romero: Hindi po ba problematiko ang pagiging alagad ng Simbahan at pagiging sangkot sa politika?

Mananzan: That is again maybe where my discipline came in. When they say "kayong mga madre at pari dapat hindi kayo maging politikal," they are making a discrimination. I am political, from the word *polis* meaning "city." I am part of the polis, a citizen, therefore I have the right to participate in the decision-making and action of this polis... When I became a nun I did not give up my citizenry. But when you say political, in a sense of being directly part of a political party that is when I say "I will not do that." That is why I was not very fond of Cardinal Sin, actually. For me he was being a king-maker. Everybody goes there and makes mano. Sa akin that is being political in the wrong way, in the partisan way.

Liwanag: Dapat po ba na ang isang feminista ay aktibista rin?

Mananzan: Sinabi ko na sa inyo iyan. If you are not in the women's struggle, you are not a feminist.

Romero: Kailangan po ba ng aktibismo at feminismo sa kasalukuyang panahon?

Mananzan: Sa lahat ng panahon. Hindi lang sa ngayong panahon. Sa lahat ng panahon until you can say na talagang wala nang women question. Sabi ko nga noon, sabihin ninyo sa akin, kapag nakikita ko nang wala ng question that is wala nang ino-opress, wala nang nire-rape, wala nang binubugbog, wala nang inequality, I will dissolve the Institute of Women Studies because it is not needed anymore. Ako ang unang-unang magdi-dissolve. But it will not happen in our lifetime. There is no place in the world that is already... na alis na lahat-lahat ng question, hindi ba?

“Dilawan?” Si Sr. Mananzan bilang Tagapagtatag ng GABRIELA at Ilang Isyung Kinaharap sa Administrasyong Aquino at Duterte

Liwanag: Kadalasang naiuugnay kayo sa partidong GABRIELA, pati na sa Liberal Party, ano po ang inyong masasabi tungkol sa mga pag-uugnay na ito?

Mananzan: Hindi lang ako ang iniuugnay. Talaga namang ako ang Chairperson ng GABRIELA for 18 years. Talagang, I am one of the founders of GABRIELA. And I am proud of it! That I help found a militant women organization that is considered THE organization here. Punta ka sa abroad, sabihin mo feminist o women's movement in the Philippines, GABRIELA ang papasok agad sa ulo nila. Should I not be proud about that? Pero Liberal Party? No, never was I... No, I am radical. At saka I'm proud... Alam mo yung radical kasi, ito na ang pagka-philosopher mo, it comes from the word *radix* which means “root.” So, if you are radical that means when you are looking at a certain problem, you see the root of that problem. And when you are looking for a solution, you are not satisfied with superficial solutions, but the solution that goes to the root of the problem. That is the meaning of radical. Are you not going to be proud to be called “radical”?

Romero: Ano pong masasabi ninyo sa mga taong sinasabihan kayong Dilawan at maka-Aquino?

Mananzan: Kung si Aquino, imposible, kasi ako ang critic ni Aquino kasi imagine hindi niya tinulungan si Jun Lozada noon, tapos iyong Mamasapano pa.

Liwanag: Ano po sa tingin ninyo ang dahilan kung bakit naiugnay kayo sa Liberal Party?

Mananzan: Kasi si Cory Aquino is an alumna of St. Scholastica's College and we gave her an award... At saka I am a critic of Duterte. Ngayon naman ata kapag critic ka ni Duterte, dilawan na agad. Kaya ganoon.

Romero: Bilang pilosopong Pilipino ano po ang inyong nakikitang pinakamabuting nagawa ng kasalukuyang administrasyon?

Mananzan: Wala! Sorry na lang. Ang unang nagawa niyang maganda sana is yung... Peace Talks. That would have been his legacy... Pero tingnan mo, it is according to his mood. Kung bad mood siya, wala na. Kapag good mood siya, mayroon na naman... Number two, I liked it when he put sina Judy Taguiwalo... Kasi ang tingin mo, they are the people who really can do that. O, tingnan mo, hindi naman niya tinulungan sila na... He did not support them... Number three, okay na okay ako noong sinabi niya sa America na do not treat us as a colony. Okay! Galing! O tingnan mo, tingnan mo ngayon... pupunta sa China... kaibigan na naman ang Amerika. Ano iyon, 'no? So, ano pang masasabi kong ginawa niyang mabuti? E hindi wala na. Hindi ba?

Liwanag: Bilang pilosopong Pilipino ano po ang inyong nakikitang pinakaproblematikong nagawa ng kasalukuyang administrasyon?

Mananzan: Iyong pagpapapatay ng mga tao... kasi alam mo... in a matter of a year, it has eroded our moral fiber as a people. That is what I think is the worst thing that has happened to us. Wala na tayong respeto sa tao. Wala na tayong respeto sa buhay. Wala na tayong respeto sa katotohanan. Wala na tayong any form of ethical norms, of

behavioral ethics. Wala na tayong anything of courtesy. We are descending to barbarism. And not only that, into absurdity.

Liwanag: Kung bibigyan po kayo ng pagkakataong mapakinggan ng Pangulong Duterte at maisagawa ang isang suhestiyon sa gobyerno, ano ang sasabihin ninyo?

Mananzan: First of all, sabi niya, he is convinced that 40% of the police are corrupt... I heard him say that. But why not first take out that 9,000 policemen and ikulong sila? That is the first way of taking away the protection. E bakit mo papatayin ang pinoprotektahan at hindi iyong protektor? At saka yung drug lords talaga who get the money. At parang di ba hierarchy 'yan, ang pinapatay nila iyong the lowest of the rank. Nasa taas ang may kapangyarihan, galamay lang sila.

Romero: Ibig sabihin sister, walang problema po sa inyo kung ang papatayin muna ang mga nasa itaas na drug lords kaysa ang kasalukuyang ginagawang pagpatay sa nasa ibabang mahihirap?

Mananzan: I am against death penalty, by principle. Ang mga nasa taas ang unang arestuhin. Inaresto mo, meaning, you immobilize them. But not necessarily kill them because it makes you a criminal nga e. How can you fight crime by being a criminal?

Liwanag: Ano po sa tingin ninyo ang katangian ng isang lider sana na susunod kay Duterte?

Mananzan: Well, sa akin, first of all he/she must be a decent human being... Well, sa akin, you cannot have a perfect person as president. But at least mayroon naman sana siyang good moral character... Iyong magtatrabaho para sa kapakanan ng tao. Hindi lang sa salita. Hindi iyong nauuna ay iyong career nila, iyong kanilang ego.

Romero: Kung may gusto pong sumunod sa yapak ninyo, ano pa po iyong gusto ninyong ma-fulfill niya?

Mananzan: Sa akin, nobody should copy anybody. They should have their own aim. They should have their own life. You should never be a copy of anybody. Sa akin, I will always advocate the women's cause. At kahit na sinong gustong mag-ano diyan... I would advise anybody who wants to copy me, I will say stop. I will say look at your own life. Iba naman din ang inyong challenges sa akin. Iyon ang tingnan ninyo. Huwag kayong titingin sa iba. Kasi mali iyong copy-copy. Ayaw ko ng idolatry. Hesus, Maria y Joseph! Thou shalt have any strange gods before me... Iyong ang nangyayari kay Duterte ngayon, idolatry e. Kaya tingnan mo, fanatic. Kahit na anong gawin niya, tama. Kasi idol e. Kaya I hate idolatry kasi talagang idolatry nga e... Literally, nawawalan ng bait ang mga tao. Wala silang tinatawag na subjective autonomy. Ang gusto ko... ang wish ko sa lahat ng tao that they will have subjective autonomy and inner freedom and inner security. That would be the best wish that I would have for anybody. Kasi then you are acting on your own, on your own good sense, and you are not a copy of anybody. Because you are unique. Everybody is unique.

Kongklusyon

Bagaman nakapagsulat ang pangunahing may-akda ng tesis masterado at nakapaglathala ng tatlong artikulo tungkol tungkol kay Mananzan, may mga naiwang katanungan sa kaisipang hindi masasagot ng kasalukuyang literatura tungkol sa kaniyang pilosopiya at praksis. Masasaksihan sa bahaging ito ang paglalagom ng mga puntos na inilatag ng Pilipinang pantas, gayundin ang mga magagagap na kaalaman sa hugis ng pilosopiyang Pilipinong isinusulong niya.

Una, nahubog ang pilosopiya ni Mananzan na napakapolitikal at babad na babad sa praksis dahil sa kritisismo ng mga noo'y nasa kilusan habang abala sa pagbuo ng teolohiyang Pilipino at pagtuturo ng kontemporaryong pilosopiya sa Pamantasang Ateneo. Habang nagbunsod ang pagbubuo ng teolohiyang Pilipino para mapagtantong magiging mas kapaki-pakinabang ito sa pamamagitan ng praksiyolohiyang nakatuon sa pilosopiya ng teolohiya ng liberasyong mula kay Abesamis. Aniya, uri ito ng pakikiramay at isang seminaryong nakikibaka sa sosyo-politikal na realidad mula sa malalimang pag-unawa ng

doktrina ng kaligtasan. Higit na naging matinkad ang tungkulin ni Mananzan bilang tagapagtaguyod ng kritikal na pilosopiya nang matunghayan ang kabuluhan ng teolohiyang nakababad sa karanasan at pasakit ng lipunang Pilipino, maging sa kababaihang bulnerableng sektor ng lipunan.

Ikalawa, mas napaigting ng pakikipanayam ang proposisyong nasaklawan ng impluwensiya ng kaisipan ni Marx at Rahner ang itinataguyod na praksis ni Mananzan. Unang natutuhan ng pantas ang pilosopo mula sa Marxistang ka-mag-aaral sa Roma. Ibinahaging ito ang pinakamainam na lente sa pagsusuri ng lipunan bilang kontrolado ng mga naghaharing uri ang ekonomiko, politikal, at kultural na aspekto ng bansa. Dagdag dito, pinangunahan din ni Mananzan ang estruktural na pagsusuri para sa mga Marxista, Leninista, at Maoista sa pamamagitan ng pilosopiya ng Italyanong Marxistang si Antonio Gramsci nang makabalik sa Pilipinas. Nakapokus ang kaisipan ni Gramsci sa konsepto ng hegemonya bilang kultura at sistema ng halagahan ng mga naghaharing uring kusang tinanggap naman ng mga inaapi. Gayunman, binigyang diin ng nasabing pantas ang hindi wastong pag-aangkop ng teoryang Gramsciano sa pagsusuri ng konteksto ng panlipunang uri sa Pilipinas. Kung pilosopikal ang naging talab ni Marx, praksiyolohikal naman ang impluwensiya ni Rahner kay Mananzan. Sa pagkakataong ito, hindi nagdalawang-isip ang pantas upang suungin ang pakikipagbuno sa mga panlipunang puwersa at kongkretong pagkilos lalo na kung kinakailangan na ito ng isang naghihingalong lipunan.

Ikatlo, maliwanag ang pagsasantabi ng pantas sa lingguwistikong pamimilosopiya upang mas pagtuunang pansin ang kritikal na pamimilosopiya. Napatunayan sa pakikipanayam na dahilan ang kawalan ng mga interesadong mag-aaral at ang kawalan ng kabuluhan ng diskurso ng lingguwistikong pilosopiya sa kasalukuyang estado at pangangailangan ng bansa. Kung babalikan, ito rin ang panahong naging aktibo si Mananzan na nasa batas militar ang Pilipinas kaya hindi nag-alinlangang isantabi ang naturang panimulang batis sa pamimilosopiya. Nanindigan si Mananzan na makabuluhan pa rin ang kasalukuyang hugis ng pamimilosopiya lalo pa at mistulang kumikitid ang demokratikong espasyo at tinatawag ng panahon ang mas mapanuri at kritikal na mamamayan sa pinakamasasalimuot na isyu sa lipunan at pamahalaan. Para sa mga pinunong hindi nanindigan

sa sinumpaang tungkulin sa bayan, hinimok ni Mananzan ang pagpapatawad ngunit hindi sapat upang tumigil sa pagsamo sa katarungan at pananagutan. Naging bukal ng kaisipan ng pantas ang *Missio Dei* na sentro ng misyolohiya sa Alemanya. Hinggil ito sa esensiya ng kaloob ng Diyos para magbalik-loob ang mga likha sa orihinal na layunin at kaganapan. Bilang mga likha, itinuturing na pribilehiyo ang tumupad sa plano ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapahayag ng Salita ng Diyos, pagsisimula ng panlipunang gawain, at pag-aasam ng katarungan. Saklaw ng *Missio Dei* hindi lamang ang espirituwal, kundi maging ang pisikal, komyunal, at ang transpormasyon ng mundo.

Ikaapat, malinaw sa diskursong pilosopikal ni Mananzan ang masigasig na tungkuling maisakatuparan ang pagkakapantay-pantay bilang orihinal na disenyo ng Diyos sa sangkatauhan. Kung nakatuon ang teolohiya ng liberasyon sa kahihinatnan ng pakikibaka, binigyang pansin naman ng teolohiya ng pakikibaka ang proseso nito. Kaakibat sa prosesong ito ang pakikiisa at pakikisangkot sa masasalimuot na hamon, pasakit, at hangarin ng mga manggagawang nasa laylayan. Bukod sa karaniwang pilosopiya ng buhay ng mga Benediktinang panalangin at paggawa, mas pinalalim ni Mananzan ang pagtugon sa mabibigat na pagsubok sa pamamagitan ng dimensiyong mistiko at propetiko. Una, ang mistiko ay propetang nagninilay. Bahagi ng bokasyon ang paghayag ng pag-aasam, isang nag-aalab na kagustuhang magnilay. Isa itong paghangad ng pakikiisa sa banal na buhay, komunyong at unyon kasama ang Diyos. Ikalawa, kapag naging ganap ang dimensiyong mistiko, patutungo ito sa pagkapropeta. Ang propeta ay isang mistikong kumikilos, tinatawagan ang mga indibidwal na manindigan at maghayag upang maging tinig ng mahihina at inaapi sa lipunang pinamumunuan ng mga naghaharing puwersa.

Ikalima, mababatid kung paanong patuloy na tinutugunan ng pantas ang pagiging madre, aktibista, at feminista alinsunod sa isinusulong na adbokasiya. Winika ng pantas na simula noong maging alagad ng Simbahan, hindi ibig sabihing itinakwil na niya ang pagkamamamayan. Katulad ng sinumang may tinatahak na partikular na bokasyon, hindi maiwawaksi ang mga karapatan ng isang mamamayan sakaling piliin ang aktibong partisipasyon at makisangkot sa mga politikal na pagdedesiyon at pamamahala sa bansa. Upang maging kongkreto at ganap ang kaligtasang kaugnay sa mithiin ni Hesus, hindi nagdalawang-

isip si Mananzan na ituring ang feminismo bilang mapagpalayang teolohiya. Tunay na nagmula sa Kanluraning pagsusuri ang feminismo, ngunit habang walang-humpay ang siklo sa pagitan ng diyalektikal na ugnayan ng feminismo, ng pilosopong Pilipina, at ng mga pilosopikal na suliraning kinahaharap ng lipunan, kalaunang nagluwal ito ng diyalektikal na proseso ng feminismong Pilipinong nakasentro sa woman question. Tunguhin ng woman question na maiwaksi ang maling nosyon ng kontra-lalaking perspektiba, bagkus ituring ang kalalakihan bilang biktima rin ng patriyarkal na estruktura at ng mga halagahan nito. Ayon kay Mananzan, isang artipisyal na kontradiksiyon ang pagsasalungatan ng kaniyang pagiging madre, aktibista, at feminista.

Ikaanim, kaugnay ng inilimbag na artikulo ni Jeffrey Ocaj na *Heidegger, Hegel, Marx: Marcuse and the Theory of Historicity*, maaaring mailangkap ang sinabi ng Alemang pilosopo at politikal na teoristang si Herbert Marcuse tungkol sa hindi maitatangging unyon ng teorya at praksis. Batay sa kaniya, “ang sariling kamalayan ang nagiging dahilan ng indibidwal upang mapunta sa radikal na pagkilos at nagreresulta sa pangangailangang pagsasanib ng teorya at praksis... ang sariling kamalayan ay kaalamang kumikilos at pagkilos na may alam... ang pagpapasya ng radikal na pagkilos ay hindi bagay na ipinapataw sa isang indibidwal, bagkus nagmumula sa kalooban nito” (Ocaj 59). Kaugnay ng kaisipang ito ang unang pakikibaka ni Mananzan na tinawag niyang “bautismo ng apoy” ang dahilan kaya nilisan ang komportableng buhay bilang propesor. Aniya isang naganap na pagaalab ng loob ang sanhi ng pagsabak sa aktibong pagkilos kasama ang mga manggagawa. Maliwanag na nagsilbing bentahe ang patuloy na pakikibaka upang makabuo ang pantas ng makakabuluhang serye ng mga kritikal at replektibong sanaysay.

Ikapito, kapag magkakaroon ng diyalektikal na pagbasa ang bulungan ng kaisipan nina Mananzan at ng propesor sa pilosopiya na si Jeremiah Joaquin, mawawaring may ilang mapagkakasunduan at hindi mapagkakasunduan ang dalawa sa usapin ng feminismo. Para kay Joaquin, ang feminismo ay “parang isang antiparang minsang isinusuot upang makita ang mga bagay sa ibang perspektiba. Isa itong metodo sa pilosopiyang sumusuri sa mga dakilang

obra ng mga pilosopong puno ng pagkainsensitibo sa kasarian. Tinutulungan tayo ng feminismong maintindihan na may kababaihang nakararanas ng kawalan ng katarungan sa lipunan dahil biyolohikal silang ipinanganak na babae. Aniya, layunin ng feminismong maiwaksi ang kawalang hustisyang ito (*Feminism without Philosophy: A Polemic* 296). Maaaring sumang-ayon si Mananzan sa punto ni Joaquin sa tungkulin ng feminismong mabuksan ang kamalayan at maiwaksi ang mga puwersang nagtutulak sa opresyon, subordinasyon, at eksploytasyon ng kababaihan, ngunit hindi sa paraang pagsusuot nito tila ng antiparang minsan lamang gagamitin kung gugustuhin. Malinaw sa kaisipan ni Mananzan na hindi nararapat na basta na lamang tinatanggal ang pananaw katulad ng perspektiba ng kababaihan. Alinsunod sa metapora ni Joaquin hinggil sa feminismo, isinaad ni Mananzan na ang perspektiba ng kababaihan ay hindi gagamitin o tatanggalin lamang kung kailan nanaisin, kinakailangang nakasuot ito sa lahat ng oras habang kritikal na tinitingnan ang lahat ng aspekto ng pang-araw-araw na buhay.

At pangwakas, kung may ilang dalubhasa ang naniniwalang hindi naaangkop na espasyo ang akademya para sa mga feminista at/o aktibista upang maidulog ang kanilang mga pinaggugugulan at hangarin, pinabubulaanan ito ni Mananzan sapagkat magiging napakababaw ang purong pagkilos lamang. Pinahahalagahan ang akademya bilang lunan ng pagninilay sa sariling karanasan at pamimilosopiya, gayundin ang pagbubuo ng mga pundamental na pagbabago. Mapatotohanan sa katauhan ng pantas ang makabuluhang realidad ng pagiging madre, aktibista, at feminista sa pagitan ng maigting na ugnayan ng kaniyang feminismo at aktibismo bilang diskurso ng pamimilosopiya. Totoong maraming indibidwal ang nakikibaka sa lansangan, ngunit kinakapos ang mga Pilipinong intelektuwal na ito sa mga tekstuwal na proyekto. Nakita ng mga mananaliksik na mahalaga ang pagkakaroon ng mga tekstuwal na produksiyon upang habampanahong gumising sa ating kamalayan. Instrumental ito upang hindi na maulit pa ang mga bahid at pasakit ng nakaraan—ang naging hindi pagtupad sa tungkulin ng ilang pinuno at maging ng mga mamamayang tunay na nagiging balakid sa progresibong pag-unlad ng bansa.

Sanggunian

- Dela Cruz, Noelle Leslie, and Jeanne Peracullo. "Three Filipino Feminist Thinkers from the First Wave to the So-called "Third Wave"." *Feminista: Gender, Race and Class in the Philippines*. Manila: Anvil, 2011, pp. 10–13. Print
- Demeterio III, F. P. A. "Assessing the Developmental Potentials of Some Twelve Discourses of Filipino Philosophy." *Philippiniana Sacra* 49 (2014): p.147. Print
- Demeterio III, F. P. A, et al. *Pagtatala ng Sampung Pinakabatikang Pilosopong Pilipino: Isang Gabay para sa Pagtuturo ng Pilosopiyang Pilipino*. In press.
- GMA News. "UB: Panayam kay Sr. Mary John Mananzan, OSB Movement Against Tyranny." *YouTube*, 20 Sept. 2017, www.youtube.com/watch?v=-iY5cT-Wsbl.
- Joaquin, Jeremiah Joven. "Feminism without Philosophy: A Polemic." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 10.1 (2016): pp. 296–299. Print
- Liwig, Paolo, *A Biography of Sr. Mary John Mananzan, OSB: A Look into a Socio-Political Activist's Radicalization*. 2008. De La Salle University Manila
- Liwanag, Leslie Anne L. "Ang Pilosopiya ni Sr. Mary John Mananzan, OSB." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 9.2 (2015). Print
- Liwanag, Leslie Anne L., and FPA Demeterio III. "The Philosophy of Sr. Mary John Mananzan: Some Contributions to Filipino Philosophy." *Φιλοσοφία: International Journal of Philosophy* 18.2 (2017): pp. 182–205. Print
- Mananzan, Mary John. "Theology of the Consecrated Life in Contemporary Time." 26 Nov. 2017, osbtutzing.org/Materials/Articles/Sr_Mary%20john_THEOLOGY%20OF%20THE%20CONSECRATED%20LIFE%20IN%20CONTEMPORARY%20TIME.pdf.
- Ocay, Jeffry. "Heidegger, Hegel, Marx: Marcuse and the Theory of Historicity." *Kritike: An Online Journal of Philosophy* 2.2 (2008): pp. 46–64. Print
- Rappler. "#EDSA30: Sr. Mary John Mananzan reacts to youth's views on People Power." *YouTube*, 24 Feb. 2016, www.youtube.com/watch?v=PF8vpJho9CI.